

PAGPAPAHINTULOT NG ISA'T ISA

Ano ang Pagpapahintulot ng Isa't Isa

Ang pagpapahintulot ng isa't isa (mutual consent) ay nangangahulugang ikaw at ang regional center ay nagkakasundo sa iyong mga serbisyo. Kailangang nakasulat ang iyong pagsang-ayon tungkol sa desisyon ng regional center na:

- Bawasan, baguhin o pahintuin ang serbisyo sa iyong Individual Program Plan (IPP)
- Tanggihan ang bagong serbisyong gusto mo

Paano Kung Ikaw at ang Regional Center ay Hindi Nagkasundo

Kapag ikaw at ang iyong regional center ay hindi nagkasundo, kailangan kang padalhan ng regional center ng paunawa ng aksyon (NOA, Notice of Action). Ipinapaalam sa iyo ng NOA ang tungkol sa desisyon ng regional center. Ipinapaalam din nito sa iyo ang iyong karapatang mag-apela.

Mga Paraan na Maaaring Ipakita ng Iyong Regional Center na Mayroong Nakasulat na Pagpapahintulot ng Isa't Isa.

Mayroong pagpapahintulot ng isa't isa kapag:

- Pumirma ka sa isang IPP kasama ang iminungkahing pagbabago o pagtanggihan dito. Kailangang nasa gusto mong wika ang IPP.
- Pinirmahan mo ang isang listahan ng mga serbisyo kasama ang iminungkahing pagbabago o pagtanggihan dito. Kailangang nasa gusto mong wika ang listahan ng mga serbisyo.
- Nagpadala ka sa regional center ng nakasulat na dokumento, na nagsasabing sumasang-ayon ka sa desisyong baguhin o tanggihan ang serbisyo. Ang nakasulat na dokumento ay maaaring isang email o sulat o anumang iba pang nakasulat na dokumento.

Mga Hakbang Kapag Walang Nakasulat na Dokumentong Nagpapakita ng Kasunduan

Kung walang dokumento ng pagpapahintulot ng isa't isa, ang regional center ay maaaring:

- Padalhan ka ng sulat na nagpapaliwanag kung bakit naniniwala ang regional center na sumang-ayon ka sa kanilang desisyon. Ang tawag dito ay isang sulat na Good Faith Belief (Paniniwalang may Tapat na Layunin).
- Padalhan ka ng Paunawa ng Aksyon (NOA).

Impormasyong Kailangang Nakalagay sa Sulat na Good Faith Belief na Sulat

Kailangang ipadala ang Good Faith Belief na Sulat sa loob ng 5 araw na bukas ang tanggapan mula sa araw kung kailan naniniwala ang regional center na sumang-ayon ka.

Kailangang kasama sa Good Faith Belief na sulat ang:

- Mga katotohanang nagpapakita kung bakit naniniwala ang regional center na sumang-ayon ka
- Ang aksyon na planong gawin ng regional center
- Ang mga dahilan para sa aksyon

- Impormasyon tungkol sa proseso ng apela
- Impormasyon tungkol sa kung paano sasabihing hindi ka sumasang-ayon
- Paano makakuha ng iba pang impormasyon tungkol sa proseso ng apela, at
- Isang form ng kahilingan ng apela.

Kailangang nasa gusto mong wika ang sulat na ito.

Kung sasabihin mo sa regional center na hindi ka sumasang-ayon, kailangan kang padalhan ng NOA ng regional center.

Makakakuha ng Tulong:

- Maaaring makatulong ang iyong service coordinator o iba pang kawani ng regional center. Maaari nilang ipaliwanag ang good faith belief na sulat o ang NOA. Maaari ka rin nilang i-refer sa iba pang mga tao o ahensyang makakatulong.
- Ang Office of the Ombudsperson sa Department of Developmental Services ay maaaring makatulong na pagpapaliwanag ng Good Faith Belief na sulat o NOA. Maaari ka rin nilang kausapin tungkol sa iyong mga opsyon kung hindi ka sumasang-ayon. Maaari kang bigyan ng Ombudsperson ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa apela. Maaari mong kontakin ang Ombudsperson sa: (877) 658-9731 o Ombudsperson@dds.ca.gov
- Ang iyong lokal na Tagapagtaguyod ng mga Karapatan ng Kliyente (CRA, Clients' Rights Advocate) sa (800) 390-7032 para sa Northern California o (866) 833-6712 para sa Southern California. Maaari kang tulungan ng iyong CRA na maunawaan ang nagkukumpirmang sulat o ang NOA. Maaari ka nilang bigyan ng impormasyon tungkol sa iyong mga opsyon. Maaari kang tulungan ng CRA na magpasya kung anong mga hakbang ang gagawin.